THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 13 * Marso 26 - Abril 1, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 34M HALAGA NG SHABU NASABAT SA PNP BUY-BUST SA CEBU CITY; 2 SUSPEK NASAKOTE

sundan sa pahina 3



**PUBLIC ANNOUNCEMENT!**

**Alert Levels System for COVID-19**

**NCR**

**Alert Level 1**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## 16 miyembro ng CTGFO nagbalik-loob sa gobyerno

sundan sa pahina 9

## Secretary General ng BAYAN-Panay, arestado

sundan sa pahina 10

## Php2M halaga ng shabu nakumpiska; 4 arestado sa buy-bust ng GMA PNP

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang good Samaritan Rule?**

Ito ang batas na nagsasaad na nararapat maging maingat ang saksi sa pagtulong ng biktima o taong nasugatan. Anumang pinsala na naidulot o naidagdag sa biktima ay kanyang responsibilidad.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com

HOTLINE NUMBERS

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

**E - SUMBONG**

*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Bagong “Balay Silangan” pinasinayaan sa Numancia, Aklan



**Numancia, Aklan- Pinasinayaan ng mga tauhan ng Numancia Municipal Police Station sa pamumuno ni Police Major Fidel Gentallan ang Bagong “Balay Silangan” sa Bayan ng Numancia nitong Biyernes, April 1, 2022.**

Naging posible ang proyekto sa tulong ng Lokal na Pamahalaan ng Numancia sa pamumuno ni Mayor Jesserel Templonuevo, at ng Philippine Drug Enforcement Agency, bilang bahagi at kaakibat sa mga hakbang ng pamahalaan na magkaroon ng "Balay Silangan Reformation Center" at upang maideklarang Drug- Cleared ang kanilang bayan.

Layunin din nitong matulungan at kupkupin ang mga personalidad na nasangkot sa paggamit, pagtutulak, at pagbebenta ng ilegal na droga, at sila ay linangin para maging mga kapaki-pakinabang na miyembro sa ating lipunan.

Katuwang ang Technical Education Skills and Development Authority at ng iba pang pribadong sektor, ang Balay Silangan ay magsasagawa ng isang buwang pagsasanay na teknikal at moral recovery enhancement para sa ating mga kapatid na nangangailangan ng alalay sa pagbabago.

Kabilang sa mga dumalo sa naturang aktibidad sina Police Lieutenant Colonel Alvin Balio, Deputy Provincial Director for Administration, sa ilalim ng pamumuno ni Police Colonel Crisaleo R Tolentino PD, ng Aklan Police Provincial Office; Alex M Tablate, PDEA Regional Director; Mr Jesserel T Templonuevo, Municipal Mayor; Reverend Father Vincent Cahilig ng St. Joseph the Worker Parish Church; mga tauhan ng Numancia MPS, at iba pang mga lokal na opisyal at mga Punong Barangay ng parehong munisipalidad.

Tiniyak naman ni PMaj Gentallan na palaging bukas ang kaniyang himpilan at nakahandang tumulong sa lahat ng mga nangangailangan lalong lalo na sa

# Tree Planting Activity isinagawa ng Lopez PNP




Lopez, Quezon - Nagsagawa ng Tree Planting Activity ang pulisya ng Lopez Municipal Police Station sa Barangay Canda Ilaya, Lopez, Quezon bandang 7:00 ng umaga ng Linggo, Marso 27, 2022.


Ang aktibidad ay pinangunahan ni Police Major Dandy Aguilar, Acting Chief of Police ng Lopez Municipal Police Station, kasama ang mga kawani ng Barangay Magsaysay sa pamumuno ni Ramil Abelera, mga nagsipagtapos ng Recovery Wellness Program (Simula ng Pag-asa) at mga drug surrenderers ng nasabing barangay.

Tinatayang nasa limampung puno ng mahogany at narra ang itinanim ng nasabing grupo.

Ang nasabing programa ay alinsunod sa PNP Core Values na "Makakalikasan", mandato ng Pambansang Pulisya na pangalagaan ang kapaligiran.

Nagpasalamat naman ang mga pulisya sa ipinakitang suporta ng mga mamamayan para mapanatiling maganda at maayos ang ating kapaligiran. *(Panulat ni PEMS Joe Peter V Cabugon)*

# Unity Walk and Peace Covenant Signing isinagawa ng Lamitan CPS




**Lamitan City, Basilan - Nagsagawa ng Unity Walk and Peace Covenant Signing ang Lamitan City Police Station sa Basilan nito lamang Biyernes, Marso 31, 2022.**

Nakilahok sa aktibidad ang humigit-kumulang 600 na indibidwal kabilang ang mga lokal na kandidato at kinatawan ng iba’t ibang ahensya ng gobyerno mula sa Armed Forces of the Philippines; Commission on Elections; Department of Education; 3rd Regional Mobile Force Company; 53rd Special Action Company; Bureau of Fire Protection at Philippine Coast Guard.

Kasabay ng kaganapan ay ang paglagda sa 2022 National and Local Election Integrity Pledge and Pledge of Commitment.

Ang aktibidad na ito ay para sa ligtas, mapayapa at patas na halalan, na naglalayong pangalagaan at protektahan ang integridad ng paparating na Pambansa at Lokal na Halalan 2022. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# 34M halaga ng shabu nasabat sa PNP buy-bust sa Cebu City; 2 suspek nasakote



**Cabahug, Cebu City - Tinatayang Php34,850,000 halaga ng shabu ang nasabat sa dalawang nasakoteng suspek sa buy-bust operation ng pulisya ng Cebu City nito lamang Sabado, Marso 26, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Ernesto Salvador Tagle, City Director ng Cebu City Police Office, ang suspek na sina Shelljay Cintino Cuyno alyas "Tolljay", 24, at Dennis Centino, 24, parehong mga residente ng Brgy. Ermita, Cebu City.

Ayon kay PCol Tagle, ang suspek na si Centino ay kabilang sa High Value Individual sa Rehiyon 7.

Ayon pa kay PCol Tagle, naaresto ang dalawang suspek bandang 12:30 ng madaling araw sa Panganiban Street, Brgy. Pahina Central, Cebu City ng mga tauhan ng City Drug Enforcement Unit, at City Intelligence Unit ng Cebu City Police Office kasama ang Regional Police Drug Enforcement Unit 7.

Dagdag pa ni PCol Tagle, nakuha mula sa mga suspek ang 5.1 kilos ng pinaghihinalaang shabu na may tinatayang halaga na Php34,850,000.

Kasong paglabag sa Section 5 at 11 ng RA 9165 ang kakaharapin ng dalawang suspek.

Ang matagumpay na operasyon ay bunga ng maayos at pinaigting na kampanya ng mga awtoridad laban sa ilegal na droga sa nasabing lugar. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

# Php4.3M halaga ng smuggled na sigarilyo nasabat sa Sulu



**Sulu - Tinatayang Php4,375,000 halaga ng smuggled na sigarilyo ang nasabat sa Anti-Smuggling Operations ng kapulisan ng Sulu sa iba't ibang munisipalidad ng nasabing probinsya nitong Martes, Marso 29, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Jaime Mojica Jr, Acting Provincial Director, Sulu Police Provincial Office, ang Jolo MPS ay nakakumpiska ng limampung cases ng smuggled cigarettes na nagkakahalaga ng Php2,500,000; ang Indanan MPS naman ay nakakumpiska ng tatlumpung cases na nagkakahalaga ng Php900,000; sa Patikul MPS ay nakakumpiska ng labinlimang cases na nagkakahalaga ng Php225,000 habang sa Parang MPS ay dalawampu't limang cases na nagkakahalaga ng Php750,000.

Katuwang ng Sulu PNP sa nasabing operasyon ang kapulisan mula sa MARPPSTA, 7SAB, Sulu PIT, RIU 9, 1st and 2nd PMFC, SA FIID-SIU SIT-9, 71st SAC, 7TH SAB.

Ang mga nakumpiskang smuggled items ay dinala sa Camp PSSupt Julasirim Kasim sa Brgy. Asturias, Jolo para sa dokumentasyon bago iturn-over sa Bureau of Customs-Sulu.

Ang Sulu PPO sa pakikipagtulungan sa iba pang ahensiya ng Lokal na Pamahalaan ay patuloy na magtatrabaho para sa pagpapatupad ng mga probisyon sa ilalim ng RA No. 8424 o National Internal Revenue Code of 1997 at sumusuporta sa mga operasyon ng Bureau of Customs at Anti-smuggling sa ilalim ng RA No. 10863. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*



# 6 Communist Terrorist sumuko sa Pulisya ng South Cotabato



**South Cotabato - Sumuko ang anim na miyembro ng komunistang grupo sa kapulisan ng South Cotabato Police Provincial Office pagkatapos ng masigasig na panghihikayat na magbalik-loob sa gobyerno nito lamang Miyerkules, Marso 30, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Nathaniel Villegas, Provincial Director ng SCPPO, sa mismong kasagsagan ng pagdiriwang ng ika-53 anibersaryo ng pagkakatatag ng NPA, limang miyembro ng GF 73 FSMR at isang mass supporter ng guerilla front alip (GF 72) ang boluntaryong naglatag ng kanilang mga armas at nagbalik-loob sa gobyerno.

Ayon pa kay PCol Villegas, matatandaang nagsagawa ng community outreach programs ang SCPPO sa lalawigan lalo na sa mga lugar kung saan nag-o-operate ang mga CTG na ito. Bilang resulta, napagtanto ng mga sumuko na iisa lamang ang pamahalaan na makakatulong sa kanila at ang makakatugon sa kanilang pangangailangan at hindi ang grupo ng mga CTG kundi ang totoong gobyerno.

Bilang pabuya, pinagkalooban ang mga sumuko ng cash assistance at grocery items na naglalaman ng mga sako ng bigas at canned goods.

Higit pa rito, hinikayat niya ang mga aktibong miyembro at tagasuporta ng CTG at kanilang mga pinuno na magbalik-loob na sa ating pamahalaan upang makamit nila ang tunay na serbisyo ng gobyerno at ang tulong na inaalok ng gobyerno sa pamamagitan ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) at upang tulungan silang bumuo ng bago at normal na buhay kasama ang kanilang mga mahal sa buhay. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*





# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Mahigpit na seguridad sa National at Local Elections 2022

Habang papalapit na ang Halalan sa bansa ay mas hinigpitan natin ang pagbabantay ng seguridad at kapayapaan sa ating bansa upang matiyak na magiging ligtas, maayos at mapayapa ng eleksyon sa darating na Mayo 9, 2022.

Sa ngayon pa lang ay nagtalaga na tayo ng mga karagdagang pulis na magbabantay sa mga polling precincts sa iba't ibang lugar sa bansa. Pansamantala rin muna nating pinahinto ang mga ongoing schooling ng ating mga kasamahang pulis para makatutok sa election duty. Nagsagawa na rin tayo ng training sa mga pulis na made-deploy sa mga lugar na botohan para alam nila kung ano ang dapat nilang gawin.

Patuloy din ang ating pakikipag-ugnayan sa iba't ibang law enforcement agencies at local na pamahalaan para mas maging maayos ang koordinasyon at pagtutulungan ng bawat ahensya para sa halalan.

Tuloy-tuloy din ang pagpapatupad ng Gunban sa bansa. Ayon sa ating tala, nakapagsagawa na tayo ng 2,307 na operasyon na nagresulta sa pagkakaaresto sa 2,413 na indibidwal na kinabibilangan ng pulis, sundalo, security personnel, sibilyan at iba pa. Nakakumpiska na rin tayo ng 1,856 firearms, 877 deadly weapon, at 10,430 ammunition. Karamihan sa mga lumabag ay mula sa NCR. Ang mga datos na ito ay nagpapakita lang na mayroon pa ring mga hindi sumusunod o hindi alam ang ipinatutupad ng gun.

Hindi rin tayo humihinto sa pagsasagawa ng COMELEC checkpoint katuwang ang AFP at COMELEC representatives. Muli ang ating paalala sa mga motorista na kung may checkpoint na madaraanan, magdahan-dahan sa pagmamaneho at huminto kung kinakailangan. Maging mahinahon at kalmado sa pakikipag-usap sa otoridad. Igalang at irespesto sila at ganun din naman ang mga nagsasagawa ng checkpoint.

Tinitiyak naman natin na hindi maaabuso ng mga pulis at sundalong nagsasagawa ng checkpoint ang karapatang pantao ng ating mga kababayan. Kung mayoon man, huwag kayong matakot o mag-atubiling i-report o i-reklamo sa ating himpilan ang anumang pang-aabuso o iligal na aktibidad na inyong naranasan at nakita habang isinasagawa ng checkpoint.

Maisasakatuparan natin ang ating mahigpit na seguridad sa tulong at pakikiisa ng lahat. Nakasalalay pa rin sa pagtisipasyon ng bawat isa ang tagumpay ng halalan sa bansa. Tandaan natin na ang inyong pakikipagtulungan at pakikiisa sa ating otoridad ay malaking tulong upang magiging maayos, ligtas at mapayapa ang halalan sa ating bansa.

# EDITORYAL

## PNP, sumusunod sa mga dikretong umiiral kaugnay ng eleksyon 2022

Nauwi sa habulan at engkwentro sa pagitan ng mga pulis at mga hindi pa kinikilalang tao lulan ng puting toyota hiace van na hindi huminto at binalewala ang checkpoint sa Brgy. Poblacion, Pilar, Abra nitong ika-29 ng Marso.

Ayon mismo kay Pilar, Abra vice mayor Jaja Disono, pauwi na siya galing sa hindi natuloy na quorum at ang puting van ay back-up car lulan ng kanyang mga security escort. Dumiretso sa tahanan ni vice mayor Disono ang puting van habang ito ay hinahabol ng mga pulis.

Dalawa sa mga pulis na nagmamando sa checkpoint ang nasagasaan habang isa sa mga bodyguard ni vice mayor Disono ang nasawi. Kinilala ang namatay na si Sandee Boy Bermudo, isang ex-marine na na-enlist noog 2008 subalit nag-Absent Without Leave (AWOL) mula pa noong 2014.


Matapos ang serye ng negosasyon, labindalawang dating militar na nagsisilbing security aide ni Vice Mayor Disono ang nagsumite ng kanilang sarili sa kustodiya ng Philippine Army para sa imbestigasyon ng pulisya. Gayundin, 14 na lisensyadong sari-saring armas mula sa kampo ng vice mayor ang isinumite sa pulisya para sa pagsasagawa ng forensic examination. Ayon sa beripikasyong isinagawa, hindi nag-avail ng anumang exemption mula sa election gun ban si vice mayor Disono para payagang magdala ng mga baril sa labas ng kanyang tirahan.

Posibleng maharap sa patung-patong na kaso si vice mayor Disono, gayundin ang ilang mga tauhan nito matapos ang nangyaring engkwentro sa pagitan ng kanyang mga tauhan at mga pulis sa isang checkpoint. Maliban sa kasong administratibo laban kay vice mayor Disono, mahaharap din sa mga kasong kriminal partikular ang paglabag sa Comelec gun ban ang mga aides nito na kasama sa SUV.

Sa kabila ng mga pangyayari, may mga alegasyon naman na di umano ay mga pulis pa ang nangharass sa bise alkalde bunsod ng mga kumakalat na video sa social media na mga unipormadong pulis na nagbabantay sa labas ng bahay ni vice mayor Disono. Naninindigan naman ang pambansang pulisya na walang harassment na nangyari kundi isang lehitimong hot-pursuit operation.

Sinisiguro ng pambansang pulisya na magiging patas ang ikakasang imbestigasyon hinggil sa pangyayari at mananagot sa batas ang sinumang mapapatunayang may sala.

Maigting at seryoso ang pambansang pulisya sa pagtupad nito ng mandatong siguruhing payapa at tahimik ang pagdaraos ng eleksiyon. Kaalinsunod nito, sinisiguro din ng kapulisan na lahat ng operasyon at gawain ay naaangkop at sumusunod sa mga alituntunin at dikreto alinsunod sa eleksiyon 2022.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## Mahigpit na seguridad sa National at Local Elections 2022

Habang papalapit na ang Halalan sa bansa ay mas hinigpitan natin ang pagbabantay ng seguridad at kapayapaan sa ating bansa upang matiyak na magiging ligtas, maayos at mapayapa ng eleksyon sa darating na Mayo 9, 2022.

Sa ngayon pa lang ay nagtalaga na tayo ng mga karagdagang pulis na magbabantay sa mga polling precincts sa iba't ibang lugar sa bansa. Pansamantala rin muna nating pinahinto ang mga ongoing schooling ng ating mga kasamahang pulis para makatutok sa election duty. Nagsagawa na rin tayo ng training sa mga pulis na made-deploy sa mga lugar na botohan para alam nila kung ano ang dapat nilang gawin.

Patuloy din ang ating pakikipag-ugnayan sa iba't ibang law enforcement agencies at local na pamahalaan para mas maging maayos ang koordinasyon at pagtutulungan ng bawat ahensya para sa halalan.

Tuloy-tuloy din ang pagpapatupad ng Gunban sa bansa. Ayon sa ating tala, nakapagsagawa na tayo ng 2,307 na operasyon na nagresulta sa pagkakaaresto sa 2,413 na indibidwal na kinabibilangan ng pulis, sundalo, security personnel, sibilyan at iba pa. Nakakumpiska na rin tayo ng 1,856 firearms, 877 deadly weapon, at 10,430 ammunition. Karamihan sa mga lumabag ay mula sa NCR. Ang mga datos na ito ay nagpapakita lang na mayroon pa ring mga hindi sumusunod o hindi alam ang ipinatutupad ng gun.

Hindi rin tayo humihinto sa pagsasagawa ng COMELEC checkpoint katuwang ang AFP at COMELEC representatives. Muli ang ating paalala sa mga motorista na kung may checkpoint na madaraanan, magdahan-dahan sa pagmamaneho at huminto kung kinakailangan. Maging mahinahon at kalmado sa pakikipag-usap sa otoridad. Igalang at irespesto sila at ganun din naman ang mga nagsasagawa ng checkpoint.

Tinitiyak naman natin na hindi maaabuso ng mga pulis at sundalong nagsasagawa ng checkpoint ang karapatang pantao ng ating mga kababayan. Kung mayoon man, huwag kayong matakot o mag-atubiling i-report o i-reklamo sa ating himpilan ang anumang pang-aabuso o iligal na aktibidad na inyong naranasan at nakita habang isinasagawa ng checkpoint.

Maisasakatuparan natin ang ating mahigpit na seguridad sa tulong at pakikiisa ng lahat. Nakasalalay pa rin sa pagtisipasyon ng bawat isa ang tagumpay ng halalan sa bansa. Tandaan natin na ang inyong pakikipagtulungan at pakikiisa sa ating otoridad ay malaking tulong upang magiging maayos, ligtas at mapayapa ang halalan sa ating bansa

# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang walang humpay na pag-ibig sa atin. Tunay na Siya ay tapat sa lahat ng pangako sa atin at kailanman ay hindi Niya tayo pinabayaan sa kabila ng ating pagkukulang ang Kanyang pagkalinga at paglingap sa atin ay hindi nagbabago.

Naranasan mo na ba na makarinig ng balita o kwento na nagdulot ng takot at pagkabalisa atin?

Nalaalala ko noong ako ay bata pa, kapag ako ay nakakarinig ng malakas na kulog at kidlat. Ako ay natatakot at lumalapit sa aking tatay at nanay, at kanilang sasabihin sa akin, "huwag kang matakot". Ang tugon na iyon ay nagbibigay ng kapayapaan sa aking puso.

Ang "Banal na Kaulatan" ay nagtuturo sa atin na tayo ay huwag mabalisa sa anumang bagay, sa halip ay magtiwala tayo sa Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

"Huwag mong ikabahala ang sinasabi ng iba, magtiwala ka kay Yahweh at mapapanatag ka"

Kawikaan 29:25

Ang telebisyon, radio at social media ay nagbibigay ng ulat sa atin patungkol sa mga pangyayari, ulat ng panahon, at ang Covid-19 na halos araw-araw ay nagbibigay ng balita kung ilan na ng nagkasakit, gumaling at namatay dahil sa karamdamang ito. Ang balitang ito ay nagdulot ng takot sa marami nating kababayan.

Ayon sa Kawikaan 29:25, ito ang nais ng Panginoong Diyos sa atin?

1. Huwag ikabahala ang sinasabi ng iba.

Maaaring may batayan ang sinasabi ng ibang tao, lalo kung ito ay naglaan ng

mahabang pag-aaral kasama ang mga siyentipiko at iskolar. Alalahanin natin na ang labis na pagka-bahala ay walang maidudulot sa atin ng kabutihan. May mga bagay na nasa kontrol natin at may mga bagay na ang Diyos lamang ang makagagawa. Sa halip ay lumapit tayo sa Kanya ng may pananampalataya sa pamamagitan ng panalangin.

"Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos

ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. 7 At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus." Filipos 4:6-7

2. Magtiwala sa Panginoong Diyos.

Maari nating pagtiwalaan ang isang tao kapag siya ay nakilala natin ng lubusan. Sa mga

Panahong nakasama natin siya at nalaman ang kanyang mabuting kalooban ay unti-unti natin ipinag-kakatiwala sa kanya ang mahahalagang bagay sa atin tulad ng pera, ari-arian o maging ang ating mga anak habang tayo ay nasa opisina.

Paano ba natin makikilala ang Diyos?

Ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, pag-aaral at pagbubulay-bulay ng "Salita ng Diyos" ay makikilala natin Siya. Ang mga kamangha-manghang ginawa Niya sa mga Israelita at sa mga taong nagtiwala sa Kanya ng lubusan.

"Magtiwala ka nang buong puso sa PANGINOON at huwag kang manalig sa iyong sariling karunungan. Alalahanin mo ang PANGINOON sa lahat ng iyong ginagawa at ituturo niya sa iyo ang tamang landas." Kawikaan 3:5-6

Ang "Salita ng Diyos" ay tunay at tapat. Habang tayo ay nabubuhay sa mundong ito ay daranas ng mga pagsubok. Huwag magulumihan, magtiwala tayo sa Panginoong Diyos. Siya ay nangako sa atin na hindi Niya tayo iiwanan at pababayaan.

Sa Diyos ang papuri!

# "Community Makeover, Manpower Bayanihan" isinagawa sa Pasig City



**Pasig City – Nagsagawa ng isang "Community Makeover, Manpower Bayanihan" ang Pasig City Police Station sa pangunguna ni PLt Resel Guevarra, OIC, SCAS sa ilalim ng pamumuno ni PCol Roman Arugay, COP, Pasig City Police Station nito lamang Lunes, Marso 28, 2022 sa Purok 4, Barangay Ugong, Pasig City.**

Aktibong lumahok sa pagsasaayos ng mga bahay at pagpipinta ng mural ang mga mamamayan ng Pasig kaagapay ang mga Pulis Pasig, CCF-Tulong Tayo, SIPAG Community, LGU at Barangay Ugong bilang bahagi ng proyektong "A Community Makeover" na may kabuuang 80 katao ang sumali.

Bahagi ng nasabing aktibidad ang pamamahagi ng mga meryenda, mga lutong pagkain at dishwashing liquid na mapapakinabangan ng mahigit 150 katao.

Layon ng aktibidad na ito ay hindi lamang bigyang lakas ang mga marginalized na miyembro ng komunidad kundi mapahusay ang mabuting pakikisama at maisagawa ang diwa ng bayanihan. *(PIO-Pasig PNP / Isinalin sa Tagalo ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Ulat ng mga nawawalang Peace Consultants inaksyunan ng PRO 11



**Camp Quintin M Merecido, Buhangin, Davao City - Agarang inutusan ni PBGen Benjamin Silo Jr, Regional Director ng Police Regional Office 11 ang buong Rehiyon Onse upang magkaroon ng beripikasyon kaugnay sa mga ulat ng mga nawawalang Peace Consultants na umano'y dinukot sa magkakahiwalay na insidente sa Davao del Norte nitong Marso 2022.**

Ayon sa ulat, ang grupo ni Ezequiel Daguman ay nawawala noong Marso 7, 2022 habang papunta sa banana plantation ng New Corella, Davao del Norte.

Agad namang ipinag-utos ni PBGen Silo Jr kay PCol Antonio Alberio Jr., Provincial Director ng Davao del Norte Police Provincial Office (DNPPO) na utusan ang lahat ng Chief of Police sa kanyang lugar lalo na ang New Corella MPS na i-validate ang nasabing ulat.

Kinumpirma naman ni PBGen Silo Jr na noong Marso 28, 2022 ay bumisita ang Commission on Human Rights 11 sa New Corella MPS upang magsagawa ng imbestigasyon sa nasabing ulat ngunit base sa blotter book at iba pang mga dokumento, walang naiulat at naitalang nawawala sa New Corella, Davao del Norte mula Marso 1-28 ngayong taon.

Ayon sa koordinasyon sa 10th Infantry Division ng Philippine Army, isang Ezequil Cortez Daguman alyas Rey/Ry ang napatay sa engkwentro ng 10th ID sa Brgy. Tupaz, Maragusan, Davao de Oro noong Marso 27, 2022, kung saan nakarekober sila ng mga high powered firearms.

Si Ezequil ay kinilalang miyembro ng Communist Party of the Philippines (CPP) Central Committee at Deputy Secretary ng Regional Operations Command sa Southern Mindanao Regional Committee (ROC-SMRC).

Higit pa rito, kasama sa mga record ng Warrant of Arrest ni Daguman ang Kidnapping at Serious Illegal Detention (Criminal Case No. R-DVO-15-0417-CR), Double Murder (CC Nr 55, 747-05), Robbery with Violence (CC Nr 382). -2005), Serious Illegal Detention (CC Nr R-DVO-17-101020) at Murder (CC Nr 24302) na inisyu ng 11th at 12th Judicial Region Branch 10,11, 30, 23, at 14. *(Panulat ni Patrolman Preal Cris Edosma)*



# 10 solar streetlights naitayo sa tulong ng kapulisan sa Davao del Sur



**Davao del Sur - Naitayo ang sampung solar streetlights sa tulong at inisiyatibo ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay Goma sa Digos City, Davao del Sur, nitong Lunes, Marso 28, 2022.**

**Ito ay matagumpay na naitayo sa pangunguna ni PCMS Melvin Fabroa, sa ilalim ng pangangasiwa ni PMaj Florante Retes, 1st DSPMFC Officer-In-Charge, kasama ang mga residente ng Brgy. Goma.**

Ito ay nabigyan ng pondo matapos magsumite ng Barangay Resolution ang R-PSB Goma sa Office of Provincial Government kung saan taong 2021 ay inaprubahan ito na nagbigay daan upang maisakatuparan ang proyektong pailaw.

Ang mga nasabing solar streetlights ay magbibigay liwanag sa madidilim na bahagi ng mga daanan sa Brgy. Goma at ito ay isa lamang sa Quick Impact Projects (QIPs) ng R-PSB Goma para sa kapakanan at kaligtasan ng mga residente sa lugar.

Malaki ang pasasalamat ng mga residente sa R-PSB sapagkat sila ay magiging panatag na dahil sa liwanag na dala ng 10 solar lights sa kanilang barangay. *(Panulat ni Police Corporal Mary Metche A Moraera)*

# NTF-ELCAC Seminar at Community Outreach Program isinagawa ng SPD PNP



**Las Piñas City - Nagsagawa ng NTF-ELCAC Seminar at Community Outreach Program ang mga kapulisan ng SPD sa Covered Court, Promenade St., Golden Acres Subd. Brgy. Talon Uno, Las Piñas City nito lamang Miyerkules, Marso 30, 2022.**

Ayon kay PBGen Jimili Macaraeg, District Director ng SPD na syang nanguna sa naturang programa, mahigit 200 na benipisyaryo ang dumalo mula sa iba't ibang Advocacy Support Group tulad ng KKDAT, Women's, CVO's, Barangay Tanod at ibang opisyales ng Barangay.

Aniya, ang mga benipisyaryo ay nahandugan ng libreng gupit, school Shoes at may pa Feeding Program na mula sa Mobile Kusina ng RCADD-NCRPO.

Bahagi din ng programa ang panunumpa at paglagda sa Manifesto na tanda ng pagsuporta sa NFT-ELCAC.

Bukod pa dito, nagkaroon din ng talakayan patungkol sa NTF-ELCAC na ni-lecture ng NICA-NCR, at Strategies and Modus of CPP/NDA/NDF at Project READY.

Samantala para sa Livelihood Training, nagbigay kaalaman ang CAD-SPD sa paggawa ng basahan at si Mr. Dalin Hugh V Sta Ana ng TESDA CAMANAVA naman ay itinuro ang paggawa ng noodles na pwede nilang maging hanapbuhay.

Ang layunin ng programang ito ng kapulisan ay upang makatulong, at mabigyan ng kaalaman at kabuhayan ang ating mga kababayan lalo na ang kabataan at ipamulat sa kanila na ang gobyerno ay laging naririyan at laging handang tumulong. *(Panulat ni PSSg Remelin Gargantos)*

# Condemnation Rally, dinaluhan ng mahigit 200 na residente sa Negros Oriental



**Sta. Catalina, Negros Oriental – Mariing kinondena ng mahigit 200 na residente ng Brgy. Talalak at iba pang miyembro ng ahensya ng pamahalaan sa Negros Oriental ang pagdiriwang ng ika-53 na Anibersaryo ng CPP-NPA-NDF sa Condemnation Rally na isinagawa sa Sitio Avocado SHS nito lamang Martes, ika-29 ng Marso, 2022.**

Ang nasabing aktibidad ay pinangasiwaan ng mga tauhan ng 705th Maneuver Company sa pamumuno ni PCpt Jade Asiong Basingao, sa direktiba ni PLtCol Ronan Claravall, FC, RMFB7, katuwang ang Sta. Catalina MPS, 11IB PA, PIU at miyembro ng Local Government Unit ng Negros Oriental.

Samantala, sa nasabing aktibidad ay tinalakay ni PLt Venstine Bontilao ang Anti-Terrorism Law sa mga dumalo, pagkatapos ay nilagdaan ng mga kalahok ang Declaration of CTGs Persona-non-grata, at sinundan ng tradisyunal na pagsunog ng mga bandila ng CPP-NPA-NDF upang ipakita ang mariin na pagkondena sa karumal-dumal na kanilang ginagawa, maging ang panlilinlang sa mga menor de edad o mga kabataan.

Naniniwala ang 705th MC, RMFB7 na ang puwersa ng CPP-NPA-NDF ay tuluyan ng humihina dahil sa puwersa ng gobyerno, pagsisikap ng pamahalaan, at pakikipagtulungan ng mamamayan upang tuldukan ang problemang insurhensiya at nang ating makamtan ang kapayapaan sa ating bayan.

Ang nasabing aktibidad ay patunay na ang mga residente ng nasabing lugar ay mulat na sa kasamaan ng mga makakaliwang grupo at handang makiisa upang wakasan ang isang problemang matagal ng kinakaharap ng ating bansa. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*



# Improvised Water Reservoir para sa mga residente sa Davao de Oro



**Davao de Oro - Maayos na nailagay ang Improvised Water Reservoir/Storage gamit ang PE hoses at dalawang pinagsamang plastic drums sa tulong ng Revitalized Pulis sa Barangay (R-PSB) Cluster 5 at 7 sa Purok 27, Sitio Puting Bato, Brgy. Ngan, Davao de Oro, nito lamang Biyernes, Abril 1, 2022.**

Matagumpay ang pag-abot ng tulong ng R-PSB Cluster 5 at 7 sa pangunguna ni PLt Jimmy Quiacusan, Team Leader na siyang magiging malaking tulong sa mga residente ng nasabing lugar pagdating sa kanilang inumin at para masigurado na rin na kahit na sa tag-araw ay mayroon silang mapagkukunan ng maiinom.

Ayon kay PLt Quiacusan, nagpasya siyang dumaan at makipagkwentuhan sa mga residente para malaman ang kanilang mga pangangailangan dahil hindi nakararating sa kanilang purok ang water system project na binigay ng gobyerno.

Dagdag pa niya, ramdam nila na napag-iiwanan na sila sa nasabing proyekto kaya bilang tugon, ipinangako niya na dadalhin ng kanyang team ang kanilang concern sa nararapat na tanggapan ng gobyerno ngunit pansamantala ay ginawan muna nila ng solusyon ang kanilang problema sa tubig.

Ngayon ay sagana na ang daloy ng tubig sa nasabing purok at hindi maitatago ang tuwa ng mga residente sa ginawa ng R-PSB para sa kanila sa napakaikling panahon.

Kaya naman malaki ang pasasalamat ng mga residente sa R-PSB Cluster 5 at 7 sa pagpapahiram sa kanila ng mga PE hose at plastic drums, gayundin sa provincial government sa pagbibigay ng sako-sakong semento. *(Panulat ni Patrolman Rhod Evan G Andrade)*





# Impact Project na may temang "Light Us One, Unite Us One" isinagawa ng Tarlac PNP



**Moncada, Tarlac – Nagsagawa ng Impact Project na may temang "Light Us One, Unite Us One" 4th Edition ang mga pulisya sa Purok Magsaysay, Barangay San Julian, Moncada, Tarlac bandang alas-5:00 ng hapon ng Linggo, Marso 27, 2022.**


Ang proyekto ay pinangunahan ng Moncada Municipal Police Station sa pakikipagtulungan ng mga Barangay Officials at Moncada Municipal Advisory Council.


Ang "Light Us One, Unite Us One" ay isang proyekto ng Moncada Municipal Police Station at layunin ng Advocacy Support Group na maglagay ng solar street lights sa malalayong barangay ng munisipyo.


Layunin ng PNP na mabigyan ng proteksyon ang bawat residente sa lugar lalo na para sa kaligtasan ng mga kabataan tuwing gabi at upang maiwasan ang anumang insidente lalo na sa madilim na kalsada.


Hinihikayat din ang mga mamamayan na suportahan ang mga programa at layunin ng PNP sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan ng munisipalidad. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Donabel T Dulin)*






# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Mag-alay ng Buhay Para sa Demokrasya

Kakambal nang pagiging pulis ang panganib, sa bawat sandali ay laging may banta sa buhay ang bawat kasapi ng Philippine National Police (PNP) mula sa mga kasapi ng Communist Terrorist Group (CTG). Walang pagpapahalaga sa buhay ng tao ang mga manliligalig, ang mahalaga sa kanila ay ang makapaghasik ng karahasan at takot sa mamamayan. Lahat nang kanilang gawain ay nakaangkla sa panlalansi at panlilinlang. Nakatuon ang kanilang pansin sa paglikida sa mga itinuturing nilang hadlang upang maibagsak ang ating gobyerno at ang mga demokratikong institusyon ng lipunang Pilipino.

Kaugnay nito, isang marahas na paraan nang kamatayan ang sinapit ng isang alagad ng batas mula sa kamay ng mga kasapi ng New People's Army (NPA) noong December 13, 2018. Pinagbabaril ng mga NPA si Police Chief Master Sergeant (PCMS) Reil Morgado sa loob mismo ng kanilang bahay sa Purok 4, Barangay Jagupit, Santiago, Agusan Del Norte. Walang awang pinaslang ng mga salarin ang pulis na itinuturing na mabait at responsable sa mga tao sa komunidad. Agad na tumakas ang mga NPA matapos maisagawa ang kanilang pamamaslang.

Labis na ikinalungkot ng pamilya ni PCMS Morgado ang brutal na pagpatay sa kanya lalo na at magpapasko na noon. Mariin namang kinondena ng mga mamayan ng bayan ng Santiago ang karahasang ginawa ng mga terorista. Sa libing ng pulis sa Jagupit Public Cemetery, bumuhos ang luha ng kanyang mga namimighating kaanak at kababayan. Nagsuot ng itim na damit ang mga nakidalamhating mamamayan at nagbitbit pa ng mga plakards na kumokondena sa mga karahasang ginagawa ng mga NPA sa kanilang lugar. Sa saliw ng mga putok ng baril bilang huling parangal ng PNP kay PCMS Reil Morgado, nagngangalit naman ang dibdib ng mga mamamayan ng Santiago na sawang-sawa na sa mga ginagawang panggugulo at extortion activities ng mga NPA na lubhang nagpapahirap sa kabuhayan ng mga tao.

# 2 Miyembro ng 'Gun-For-Hire' arestado; high - powered firearms narekober



**Tangkal, Lanao del Norte - Arestado ang lider at isang miyembro ng Cabantog Alompo 'Gun-For-Hire' Group sa isinagawang Simultaneous Implementation of Two Search Warrant para sa kasong paglabag sa RA 10591 nitong Huwebes, Marso 31, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Benjamin Acorda Jr, Regional Director ng Rehiyon 10, ang dalawang suspek na si Cabantog Managsa Alompo, lider ng nasabing 'Gun-For-Hire' Group, at Madrigal Managsa Alompo, pawang mga residente ng Tangkal, Lanao del Norte.

Ayon kay PBGen Acorda, bandang 2:30 ng madaling araw naaresto ang dalawang suspek sa pinagsanib na puwersa ng Regional Special Operation Unit 10; 1005th maneuvering Company; 12th Special Action Company; Regional Mobile Force Battalion 10; 1st Provincial Mobile Force Company-Lanao del Norte; Regional Intelligence Unit 10; Regional Intelligence Division; Provincial Intelligence Unit at Tangcal Municipal Police Station sa bisa ng Search Warrant Number 21-568 at 21-573 para sa paglabag sa RA 10591 o Comprehensive Firearms and Ammunition Regulation Act.

Narekober sa unang bahay ang isang US rifle 7.62 mm M14 SN# 1374452; isang Cal. 5.56 Bushmaster SN# L344011; isang Cal. 45 pistol Thompson SN# AZC38206; isang Cal. 45 pistol Colt SN# 369271 USA Property; isang Cal. 9mm pistol Taurus SN# TFR96644 made in Brazil; 204 piraso ng M14 live ammunitions; 698 piraso ng M16 live ammunitions (Green Tip); 30 piraso ng Cal. 45 live ammunitions; 88 piraso ng 9mm live ammunitions; walong piraso ng M14 magazine; 13 piraso ng M16 long magazine; 13 piraso ng M16 short magazine; anim na piraso ng Cal. 45 steel magazine; tatlong 9mm steel magazine; 19 piraso ng Clips for Garand Rifle; dalawang Rifle Grenade; isang piraso ng fragmentation grenade; limang Bandolier; isang Cal. 45 inside holster; isang Cal. 5.56 Rifle bag at isang yunit Rife Scope (Bushnell).

Narekober naman sa pangalawang bahay ang 1 yunit ng Cal. 5.56 Rifle Remington Arms, USA (AFP Property) SN# DL118866; 261 piraso ng 5.56 live ammunitions; anim na piraso ng Cal. 45 live ammunitions; dalawang garand live ammunitions; isang fragmentation grenade; tatlong M16 long magazine; anim na M16 short magazine; isang cal. 45 magazine; isang piraso ng inside holster pistol; dalawang camouflage uniforms at isang bandolier.

"Yung mga impormasyon na binigay ninyo sa amin, inaaral namin at ginagawan ng aksyon. Hindi naming sinasayang yung tiwala at pagkakataon na kami ay makapagsilbi sa abot ng aming makakaya para po sa ating mga kababayan dito sa Region 10", dagdag pa ni PBGen Acorda. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*

## Northern Samar Top 3 Most Wanted Person, arestado sa Pampanga

**Northern Samar – Arestado ang Top 3 Most Wanted Person ng Northern Samar sa Manhunt Charlie Operation ng pulisya nito lamang Linggo, Marso 27, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Wilmer Basarte, Officer-in-Charge ng NSPPO PSOG/Rosario MPS, ang naaresto na si alyas "Pakyaw", 58, residente ng Pampanga St. Jaoville, Pandan, Angeles City.

Ayon kay PLt Basarte, bandang 7:30 ng umaga naaresto ang suspek sa Angeles City, Pampanga ng mga operatiba ng Rosario Municipal Police Station, Northern Samar Provincial Special Operations Group at Angeles City Police Office.

Ayon pa kay PLt Basarte, nabiktima ng suspek ang isang menor de edad sa bayan ng Rosario noong 2016.

Dagdag pa ni PLt Basarte, matapos magtago ng mahigit anim na taon, ang supek ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest sa kasong Rape (3 counts) o RA 7610 (Art. 266-A) na inisyu ni Hon. Norma M. Cardenas, Presiding Judge, RTC Branch 19, 8th Judicial Region, Catarman, Northern Samar at walang inirekomendang piyansa.

Patuloy naman ang koordinasyon ng kapulisan ng Northern Samar sa iba pang mga yunit ng pulisya upang mas mapadaling mahuli ang mga pinaghahanap ng batas. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez)*

## Lapu-Lapu City Most Wanted Person, arestado

**Lapu-Lapu City - Arestado ang Top 4 Most Wanted Person ng Lapu-Lapu City sa isinagawang Regionwide Simultaneous Anti-Criminality and Law Enforcement Operation (SACLEO) ng pulisya nito lamang Sabado, Marso 26, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Arnel Banzon, City Director ng Lapu-Lapu City Police Office, ang suspek na si Archie Demco Igot, 28, residente ng Sitio Ibabao, Brgy. Agus, Lapu-Lapu City.

Ayon kay PCol Banzon, bandang 8:00 ng umaga naaresto ang suspek sa Sitio Ibabao, Brgy. Agus, Lapu-Lapu City sa mga operatiba ng Lapu-Lapu City Mobile Force Company kasama ang Police Station 2, LCPO; Police Station 4, LCPO; 701st Maneuver Company; Regional Mobile Force Battalion 7, at Crime Investigation and Detection Group 7.

Ayon pa kay PCol Banzon, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Jose Alfonso M Gomos, Presiding Judge ng RTC Branch 54, 7th Judicial Region, Lapu-Lapu City sa kasong Section 5, Article II ng R.A. 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 at walang rekomendadong piyansa.

Ito'y patunay lamang na ang Lapu-Lapu City PNP ay walang humpay sa kampanya na tugisin at ilagay sa likod ng rehas ang mga taong nagkasala sa batas. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

## 21 Wanted Persons arestado sa kasong Estafa

**Lamitan City - Arestado ang dalawampu't isang wanted persons sa "One Time Big Time SACLEO" operation ng mga kapulisan sa Lamitan City, Basilan nito lamang Huwebes, Marso 31, 2022.**

Ayon kay Police Major Nurhaib Bungkac, Chief of Police, Lamitan CPS, ang mga nasabing akusado ay inaresto sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Estafa.

Naaresto ang mga nasabing wanted person sa pinagsamang operatiba ng Lamitan CPS, 1st BPMFC, at 3rd RMFC, RMFB Basulta.

Ang Pambansang Pulisya ay lalo pang paiigtingin ang kampanya laban sa mga wanted person upang manatiling maayos at ligtas ang komunidad. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*

# 14 Former Rebels tumanggap ng tulong pinansyal mula sa pamahalaan ng Sarangani province



**Maasim, Sarangani – Pinangunahan ng pamahalaan, kapulisan at kasundaluhan ang pagbibigay tulong pinansyal sa 14 former rebels sa Maasim, Sarangani Province nito lamang Huwebes, Marso 31, 2022.**

Ayon kay PMaj June Eric Deguito, Company Commander, naihatid ang tulong ng gobyerno sa tulong ng mga tauhan ng 1205th MC, 1204th MC, RMFB12 sa pamumuno ni PLt Vincent Paul Mercado, 2nd Platoon Leader kasama ang DSWDO, LGU-Tampakan at mga tauhan ng AFP.

Nagpapakita lamang na ang ating gobyerno ay buhos suporta sa mga nagbabalik-loob na mga rebelde upang sila'y magbagong buhay kasama ang kani-kanilang mahal sa buhay.

Samantala, nanawagan ang Pambansang Pulisya sa mga miyembro ng iba't ibang grupo ng terorista na magbalik-loob na sa ating gobyerno at madaming programa ang nakalaan para sa kanila para sa pagbabagong buhay. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay Medelin)*

# 16 miyembro ng CTGFO nagbalik-loob sa gobyerno



**Parañaque City — Nagbalik-loob sa gobyerno ang labing anim na miyembro ng Communist Terrorist Group Front Organization sa mga kapulisan ng Regional Mobile Force Battalion-NCRPO sa Mayor's Session Hall, San Antonio Valley 1, Brgy. San Antonio, Parañaque City nito lamang Martes, Marso 29, 2022.**

Naisakatuparan din ang " Isang Milyong Lagda" na pinamunuan ni Police Colonel Lambert Suerte, Force Commander ng RMFB-NCRPO laban sa CPP/NPA/NDF alinsunod sa panuntunan ng ELCAC.

Ang aktibidad ay dinaluhan ni Hon. Edwin L Olivarez, Mayor ng Parañaque City; PBGen Jerry F Beares, Chief, Regional Staff ng NCRPO; Police Colonel Maximo Sebastian Jr, Chief of Police ng Parañaque CPS; Police Lieutenant Colonel Jenny Tecson , Chief, DCADD-SPD, MAJ Krisnen Peter G Saragasat, Deputy U7, JTF-NCR, AFP; Police Captain Rodel Binaunahan, C, SPC/Supervisor RCSP; NICA-NCRO Ka Cris at Ka Lolit na dating miyembro ng CTGFO at iba pang personalidad.


Nagbigay buhay sa maikling programa ang panunumpa na tanda ng pangako sa tuluyang pagtalikod sa makakaliwang grupo at ang paglagda sa Manifesto ng pagsuporta sa NFT-ELCAC.

Namahagi din ang mga kapulisan ng Cash Assistance at Good packs na makakatulong sa kanila na makapagsimula ng panibagong buhay.

Sa pagtatapos ng programa, ibinahagi ni PBGen Beares ang mensahe ni PMGen Felipe Natividad, Regional Director ng NCRPO.

Aniya, "Ito ay isang hakbang para makapagsimula kayo ng mapayapa at maayos na buhay kasama ang inyong pamilya. Tinitiyak namin na sa tulong ng inyong lokal na pamahalaan, gagawin ng inyong kapulisan at kasundaluhan ang lahat ng aming makakaya upang matulungan at mabigyan ng pagkakataon upang makapamuhay ng normal kasama ang inyong mga mahal sa buhay. Hinihiling din namin na hikayatin ang iba pa nating kababayan na naniniwala sa panlilinlang ng makakaliwang grupo na magbalik-loob at magpahayag ng katapatan sa ating gobyerno dahil makakaasa sila ng tulong galing sa ating pamahalaan."

# Miyembro ng Communist Terrorist Group, sumuko sa Ilocos Norte PNP



**Marcos, Ilocos Norte – Sumuko ang isang miyembro ng Communist Terrorist Group sa mga pulisya ng Ilocos Norte nito lamang Biyernes, Abril 1, 2022.**

Kinilala ni Acting Provincial Director, Police Coronel Julius Suriben ng Ilocos Norte Police Provincial Office ang sumuko na si Alias Ka Rino, tubong Cagayan ngunit kasalukuyang naninirahan sa Marcos, Ilocos Norte.

Ayon kay PCol Suriben, sumuko si Ka Rino sa nasabing barangay nang pinuntahan siya ng mga tauhan ng 2nd Ilocos Norte Mobile Force Company, Marcos Municipal Police Station, Provincial Intelligence Unit ng Ilocos Norte Police Provincial Office at 101st Company ng Regional Mobile Force Battalion 1.

Ayon pa kay Suriben, isinuko rin ni Ka Rino ang isang Springfield Garan Rifle at labinlimang bala nito.

Labis naman ang pasasalamat ni Ka Rino sa mga kapulisan ng Ilocos Norte sa pangunguna ni PCol Suriben dahil sa bagong simula at oportunidad na naibigay sa kanya.

Hinikayat ni Ka Rino at ng mga pulisya ang mga mamamayan sa Ilocos Norte na tuldukan ang problema ng insurhensiya sa probinsya sa pamamagitan ng pagbalik-loob sa pamahalaan para magkaroon ng mapayapa at maayos na pamumuhay sa piling ng kanilang pamilya. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Bader Ceasar Ayco)*

# 12 CTG member sumuko sa Masbate PNP kasabay ng ika-53rd Anibersaryo ng NPA

**Masbate – Sumuko ang 12 na miyembro ng Communist Terrorist Group sa mga pulisya ng Masbate kasabay ng ika-53rd Anibersaryo ng New People's Army nitong Martes, Marso 29, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Rolly Albaña, Provincial Director, Masbate Police Provincial Office, ang mga sumuko na sina alyas "Kumander Rembo" at kanyang sampung (10) tauhan na pawang mga kasapi ng Sentro De Gabridad, Larangan Central, KP4-Masbate, Bicol Region Party Committee sa ilalim ng pamumuno ni Luding Tolingin alyas "Ka Daddy" at "Ka Victor" na miyembro ng Larangan 1, KP4-Masbate sa ilalim ng pamumuno ni Eddie Rosero alyas "Ka Star".

Ayon kay Police Colonel Albaña, dakong 10:00 ng umaga sumuko ang 12 miyembro ng CTG sa bulubunduking lugar ng Brgy. San Juan, Mandaon, Masbate nang sunduin sila ng mga tauhan ng 1st at 2nd Provincial Mobile Force Company, Provincial Intelligence Unit at Mandaon Police Station.


Ayon pa kay Police Colonel Albaña, isinuko din ng mga rebelde ang isang Ingram 9mm machine pistol, isang Magnum 357, dalawang kalibre 38, dalawang 12-gauge shotgun at mga bala.

Dagdag pa ni Police Colonel Albaña, ang pagsuko ng mga rebelde ay bunga ng walang humpay na paglulunsad ng Retooled Community Support Program- Counter White Area Operation (RCSP-CWAO) at Retooled Community Support Program- Geographically Isolated and Disadvantaged Areas (RCSP-GIDAs) ng mga kapulisan.

Nagpaabot naman ng tulong ang Masbate PNP ng assorted food packs at kaunting tulong pinansyal sa mga sumukong rebelde.

Hinikayat ng mga pulisya ang mga mamamayan sa Masbate na tuldukan ang problema ng insurhensiya sa probinsya sa pamamagitan ng pagbalik-loob sa pamahalaan para magkaroon ng mapayapa at maayos na pamumuhay sa piling ng kanilang pamilya. *(Panulat ni Patrolman Rodel Grecia)*

# Secretary General ng BAYAN-Panay, arestado




**Iloilo – Arestado ng kapulisan ang Secretary General ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) - Panay sa Cabatuan, Iloilo nito lamang Martes, ika-29 ng Marso 2022.**

Sa pahayag ni Police Colonel Gervacio Balmaceda, Chief, CIDG Regional Field Unit 6, nahuli ang suspek na si Elmer Forro, 52, sa bisa ng Warrant of Arrest (WOA) para sa kasong murder at attempted murder na inisyu ni Judge Gemalyn Faunillo-Tarol ng Regional Trial Court, Branch 76.

Ang WOA na inihain sa suspek ay kaugnay sa naganap na ambush sa 301st Infantry Brigade ng Philippine Army (PA) sa Sitio Agilan, Barangay Panuran sa bayan ng Lambunao, Iloilo noong ika-7 ng Abril 2020 na ikinasawi ni Private First Class Mark Nemis.

Positibo namang kinilala nina Corporal Christopher Llono at Private First Class Ronald Lapinoso ng PA ang pagkakakilanlan ng suspek sa "rogue gallery" na ipinakita sa kanila.

Ayon pa kay PCol Balmaceda, ang suspek ay bodyguard ni Concha Araneta Bocala na siyang Panay Island-based peace consultant ng National Democratic Front – Communist Party of the Philippines – New People's Army.

Inaresto ang suspek ng pinagsamang operatiba ng CIDG–Regional Field Unit 6, Regional Intelligence Division ng Police Regional Office 6, Special Action Force, Armed Forces of the Philippines, Provincial Intelligence Unit ng Iloilo Police Provincial Office, Cabatuan Municipal Police Station at Lambunao Municipal Police Station.

Samantala, pinuri naman ni Police Brigadier General Flynn Dongbo, Regional Director ng Police Regional Office 6 ang matagumpay na operasyon at pagkaaresto ng suspek.

"Your action bespeaks of your dedication and commitment… Moreover, this effort shows that no one is above the law (Ang inyong aksyon ay nagpapakita ng iyong dedikasyon at kabuuang loob… Bukod pa riyan, ang pagsisikap na ito ay nagpapakita na walang sinuman ang higit sa batas)," ani PBGen Dongbo.

# Top 4 Most Wanted Person ng Sta. Rosa City, Laguna, arestado sa kasong Rape



**Sta. Rosa City, Laguna - Naaresto ang Top 4 Most Wanted Person ng Sta. Rosa City, Laguna sa kasong Rape sa manhunt operation ng mga pulisya nitong Martes, Marso 29, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Cecilio Ison, Jr., Acting Provincial Director ng Laguna Police Provincial Office ang suspek na si Rolando Quinto Ragojos, 35, tubero, residente ng Brgy. Labas, Sta. Rosa City, Laguna.

Ayon kay Police Colonel Ison, Jr., bandang 6:15 ng hapon naaresto ang suspek sa Brgy. Tagapo, Sta. Rosa City, Laguna ng mga operatiba ng Sta. Rosa City Police Station at Maritime Police Precinct ng Canlubang.

Ayon pa kay Police Colonel Ison, Jr., naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong 2 counts of Rape na inilabas ng Regional Trial Court Branch 101, Sta. Rosa City, Laguna noong Marso 14, 2022 at walang inirekomendang piyansa.

Samantala, pinuri naman ni Police Colonel Ison, Jr. ang mga kapulisan para sa matagumpay na operasyon.

Ang Pambansang Pulisya ay lalo pang paiigtingin ang kampanya laban sa mga wanted person upang manatiling maayos at ligtas ang komunidad. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter V Cabugon)*

# 143K halaga ng shabu nakumpiska sa PNP buy-bust; 2 drug pushers, arestado

**Alangalang, Leyte - Tinatayang Php143,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa dalawang tulak ng droga sa buy-bust operation ng kapulisan ng Leyte nito lamang Martes, Marso 29, 2022.**

Kinilala ni Police Lieutenant Colonel Gaylor Pagala ng Regional Police Drug Enforcement Unit 8 ang suspek na sina Ronald Gatela Pulminar alyas "Jun", 33, residente ng Brgy. Salvacion Pob. Alangalang, Leyte at Francis Paul Montolo Miralles, 33, residente ng Brgy. Dapdap Alangalang, Leyte at parehong High Value Individual.

Ayon kay PLtCol Pagala, bandang 7:00 ng gabi naaresto ang suspek sa Brgy. Salvacion Pob. Alangalang, Leyte ng pinagsanib na operasyon ng Regional Police Drug Enforcement Unit 8, LPPO PDEU, Alangalang MPS, SDEU at PDEA 8.



Ayon pa kay PLtCol Pagala, nakuha mula sa suspek ang limang pirasong sachets ng hinihinalang shabu, isang pirasong Php500 (buy-bust money) na may serial number AM394046, siyam na piraso ng Php500 na ginamit bilang bogus money, dalawang pocket scale, dalawang identification card, isang cigarette pack at isang pack na empty plastic sachet.

Dagdag pa ni PLtCol Pagala, ang limang piraso ng heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng pinaghihinalaang shabu ay may kabuuang timbang na 22.20 gramo na nagkakahalaga ng Php143,000.

Nahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Section 5, 11, Article 2 Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang kapulisan ng Leyte ay mas pinapaigting ang kampanya laban sa ilegal na droga katuwang ang komunidad tungo sa mas maunlad at mapayapang bansa. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez)*



# Murder at Frustrated Murder, inihain laban sa mga suspek sa pagpatay sa dating City Director ng Cotabato City

**Cotabato City - Nagsampa ng kaso ang Police Regional Office Bangsamoro Autonomous Region laban sa mga suspek sa insidente ng pamamaril noong Marso 19, 2022 kay dating Cotabato City Director at Public Safety and Order Department Head, Police Colonel Rolen Dela Cruz Balquin (Retired).**

Ito ay alinsunod sa pangako ni Police Brigadier General Arthur Cabalona Regional Director, PRO BAR, na bigyan ng hustisya sa lalong madaling panahon ang kaso.

Ayon kay Police Colonel Rommel Javier, City Director ng Cotabato City Police Office na limang kinilalang mga suspek at dalawang hindi pa nakikilalang mga suspek ang kinasuhan sa Cotabato City Prosecutor Office para sa kasong Murder at Frustrated Murder.

Samantala, nakalabas na ng ospital si Police Chief Master Sergeant Ariel Bajao Gutang matapos gumaling sa dalawang tama ng baril sa tiyan na natamo nito sa insidente ng pamamaril.

Pinuri ni PBGen Cabalona ang mabilis na pagtugon at koordinasyon ng Cotabato City Police Office at iba pang law enforcement units na nag-ambag para mas mapadali ang imbestigasyon, pagkilala sa mga suspek, at pagsasampa ng kaukulang kaso laban sa mga ito.

Kinikilala din ng Regional Director ang partisipasyon ng publiko sa pagbibigay ng mahahalagang impormasyon na naging daan para sa agarang pagkakakilanlan ng mga suspek. *(Panulat ni Patrolman Charlie Nasroden Corpuz)*



# Php2M halaga ng shabu nakumpiska; 4 arestado sa buy-bust ng GMA PNP



**General Mariano Alvares, Cavite – Tinatayang Php2,070,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa apat na suspek sa buy-bust operation ng kapulisan ng General Mariano Alvarez, Cavite nitong Martes, Marso 29, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Arnold Abad, Provincial Director, Cavite Police Provincial Office, ang mga suspek na sina Dianne Rongavilla Fidesdi, 34; Myka Obias y Tumang, 25; Rechelle Habab y Apion, 28; pawang mga residente ng Bock 31 Excess Lot, Brgy. Narra 1, Bullihan, Silang, Cavite at Julius Obias y Nunez, 28, driver, residente ng Area C Chess Clinic Compound, Tramo, Pasay City.

Ayon kay Police Colonel Abad, bandang 6:13 ng hapon naaresto ang mga suspek sa Brgy. Maderan, GMA, Cavite ng pinagsanib na puwersa ng Provincial Intelligence Unit/Provincial Drug Enforcement Unit ng Cavite at General Mariano Alvarez Municipal Police Station.


Nahuli ang tatlong suspek habang aktuwal na nagbebenta ng hinihinalang shabu sa otoridad na nagpanggap bilang poseur-buyer habang ang isa ay aktuwal na nakahawak ng isang nakatali na plastic ng hinihinalang shabu.

Ayon pa kay Police Colonel Abad, nakumpiska sa mga suspek ang limang nakatali na plastic na naglalaman ng hinihinalang shabu na tinatayang may bigat na 300 gramo at nagkakahalaga ng Php2,070,000, isang piraso na Php500 bill dusted money na may Serial Number CV900162 at isang bugkos na pekeng pera na ginamit bilang buy-bust money.

Nahaharap ang apat na suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang Pambansang Pulisya ay lalo pang paiigtingin ang kampanya laban sa ilegal na droga at iba pang krimen upang mapanatiling ligtas at mapayapa ang komunidad. *(Panulat ni Police Executive Master Sergeant Joe Peter V Cabugon)*

# Php1.7M halaga ng shabu nasabat sa PNP buy-bust sa Taguig City




**Taguig City — Nasabat ang Php1.7 milyong halaga ng ilegal na droga sa dalawang suspek sa buy-bust ng Taguig PNP nito lamang Lunes, Marso 28, 2022.**

Kinilala ni PBGen Jimili Macaraeg, District Director ng Southern Police District ang mga suspek na sina Erin Yusa y Adil, 34, at Masulot Tasil y Muntay, 50, na pawang mga residente ng Taguig City.


Ayon kay PBGen Macaraeg, dakong 11:30 ng gabi naaresto ang mga suspek sa Creek Side, Blk. 43 Lot 1, Brgy. Central Bicutan, Taguig City sa pinagsanib puwersa ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) at Mobile Patrol Unit (MPU).

Ayon pa kay General Macaraeg, nakumpiska mula sa mga suspek ang pitong heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng hinihinalang shabu na humigit-kumulang 255 gramo at may Standard Drug Price na Php1,734,000, isang genuine Php1000 na ginamit bilang buy-bust money at labindalawang Php1000 na boodle money, isang silver digital weighing scale at isang itim na sling bag.

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"The buy-bust operation is the result of the perseverance of our men in the ground, ito ang pangako namin na hindi namin ititigil ang pagpapatupad ng batas para mapanatili ang kapayapaan sa lugar na ating nasasakupan, magsilbi sana itong babala sa mga kababayan nating patuloy pa din sa kalakaran ng ilegal na droga, huminto na po kayo at magbagong buhay habang may pagkakataon pa, dahil sinisigurado kong hindi namin kayo titigilan," dagdag pa ni PBGen Macaraeg.

# Php1.3M halaga ng shabu nakumpisaka; suspek arestado sa nakumpiska ng Camsur PNP




**Pili, Camarines Sur – Tinatayang Php1,360,000 halaga ng shabu ang nakumpiska sa isang suspek sa buy-bust operation ng pulisya sa bayan ng Pili, Camarines Sur nitong Linggo, Marso 27, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Bernard Perez, Provincial Director, Camarines Sur Police Provincial Office, ang suspek na si Arlene V Osolio, 57, bagong kilalang Drug Personality.

Ayon kay Police Colonel Perez, dakong 12:40 ng hapon naaresto si Osolio sa Pili Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur ng pinagsanib na puwersa ng Camarines Sur Provincial Intelligence Unit, 2nd Provincial Mobile Force Company, 501st Regional Mobile Force Battalion 5, Regional Special Operation Team-Regional Maritime Unit 5 at Pili Municipal Police Station.

Ayon pa kay Police Colonel Perez, nakumpiska mula sa suspek ang 200 gramo ng hinihinalang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php1,360,000 at buy-bust money.

Dagdag pa ni Police Colonel Perez, mahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Section 5, at 11 ng Article 2 Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ang PNP-PRO5 sa pamumuno ni Police Brigadier General Jonnel Estomo ay nananatiling determinado upang tugisin ang sino mang sangkot sa bentahan ng ilegal na droga sa rehiyon. *(Panulat ni Patrolman Jomar Danao)*

# Php1M Halaga ng shabu, nasamsam sa PNP buy-bust

**Talisay City - Tinatayang Php1,020,000 halaga ng shabu ang nasamsam sa buy-bust operation ng pulisya ng Talisay City nito lamang Sabado, Marso 26, 2022.**



Kinilala ni Police Colonel Randy Caballes, Hepe ng Talisay City Police Station, ang suspek na si Davisrise Espinosa alyas "Paok", 18, residente ng Sitio Nazareth, Brgy. Buhisan, Cebu City.

Ayon kay PCol Caballes, si Espinosa ay kabilang sa High Value Individual sa lugar.

Ayon pa kay PCol Caballes, naaresto ang suspek bandang 3:35 ng madaling araw sa Vista Grande, Brgy. Bulacao Dakbayan, Talisay City, Cebu ng mga tauhan ng City Drug Enforcement Unit ng Talisay City Police Station.

Dagdag pa ni PCol Caballes, nakuha mula sa suspek ang 150 gramo ng shabu na may tinatayang halaga na Php1,020,000.

Sinisiguro ng kapulisan ng Talisay City na kanila pang mas pagbubutihin at paiigtingin ang kampanya laban sa ilegal na droga maging sa iba pang uri ng kriminalidad. *(Panulat ni Patrolman Aivan Guisadio)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No.13 * Marso 26 - Abril 1, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 1st Oplan S.I.L.I.D. Project handog ng Solana PNP sa isang dalagita




**Cagayan – Hinandugan ng mga pulisya ang isang dalagita ng Project S.I.L.I.D. (Solusyon para Iwaksi ang Pang-aabuso, Labanan ang karahasan at Ibangon ang Dignidad ng mga Kababaihan) sa Cagayan nitong Lunes, Marso 28, 2022.**

Kinilala ni Police Major Samuel Lopez, Hepe ng Solana Police Station, ang benepisyaryo sa kauna-unahang project S.I.L.I.D. ng istasyon na si Keith Jade Keyne Adriano, Grade 6 student, residente ng Barangay Caliliauan, Solana, Cagayan.

Maliban sa sariling silid at mga gamit sa loob nito, ay nakatanggap din si Keith Jade ng mga school supplies at food packs para sa kanyang pamilya.

Ang paglunsad ng project silid ay bilang bahagi ng National Women's Month Celebration ngayong taon.

Layon ng proyektong ito na magkaroon ng sariling silid ang mga kababaihan lalo na ang mga dalaga upang maiwasan ang pang-aabuso sa kanila at ang krimeng panggagahasa.

Nagkaroon din ng panunumpa ang mga miyembro ng Anti-Rape Task Force sa barangay upang mas lalong mapaigting ang kampanya laban sa krimeng pang-aabuso at panggagahasa.

Ayon sa datos ng istasyon, walang naitalang kaso ng panggagahasa sa munisipalidad mula 2020 hanggang first quarter ng taon dahil na din sa maigting na pagsasagawa at paglunsad ng mga ganitong proyekto at patuloy na pagbabahagi ng mga kaalaman upang maiwasan ang pang-aabuso at panggagahasa. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*



# Coastal Clean-up Drive isinagawa ng CDO PNP






**Cagayan de Oro City – Nagsagawa ng "Coastal Clean-up Drive" ang kapulisan ng Cagayan de Oro City Police Office sa Coastal Road, Lapasan, Cagayan de Oro City nitong Sabado, Abril 2, 2022.**

Idinaos ang aktibidad sa pangunguna ni Police Captain Ernesto Sanchez, Officer-in-Charge ng Cagayan de Oro City Police Office-Station 3.

Ang naturang aktibidad ay naglalayong maprotektahan ang kapaligiran ng ating karagatan sa pagsisikap at tulong ng mamamayan.

Kabilang sa nakiisa sa nasabing clean-up drive ay ang mga Armed Forces of the Philippines-10; aplikante ng kapulisan ng rehiyon 10 batch 2022; Criminology Students Intern ng Cagayan de Oro College PHINMA at Cagaycay Hawk Eagles Club.

Pinangako din ni PCpt Sanchez na ang kapulisan ay patuloy ang adbokasiya na pangalagaan ang yamang dagat at mapanatiling malinis ang ating karagatan na nagbibigay ng kabuhayan sa mamamayan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*

# Bloodletting Activity isinagawa ng Nueva Vizcaya PNP




**Nueva Vizcaya - Matagumpay na naisagawa ng mga pulisya ang Blood-Letting Activity sa Nueva Vizcaya Police Provincial Office Covered Court, Camp Dumlao, Bayombong, Nueva Vizcaya nitong Martes, Marso 29, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Ranser Evasco, Provincial Director ng Nueva Vizcaya PPO, humigit kumulang 23,300 cc na dugo ang nalikom sa nasabing aktibidad.

Ayon pa kay PCol Evasco, ang mga naghandog ng dugo ay mula sa 1st at 2nd Nueva Vizcaya Provincial Mobile Force Company, 15 Municipal Police Stations ng probinsya at sa mga miyembro ng Advisory Support Groups at stakeholders.

Dumaan sa mahigpit na screening ang mga donors upang masiguro ang kanilang kaligtasan at ng mga recipients ng dugo.

Ang aktibidad ay may temang "Give Blood, Save Life" na naglalayong makapagpaabot ng tulong sa mga mamamayan na may malubhang karamdaman o sa mga emergency medical situations na nangangailangan ng masalinan ng dugo.

Pasasalamat ang ipinarating ni PCol Evasco sa Blood Bank Section, Region 2 Trauma and Medical Center, Bayombong, Nueva Vizcaya sa pangunguna ni Dr. Odin P. Dayag, MD, Medical Officer III, Department of Pathology dahil sa kanilang tulong at suporta sa aktibidad.

Ang Pambansang Pulisya ay magpapatuloy sa pagsasagawa ng mga kaparehong aktibidad upang makapagpaabot ng tulong sa mga kababayan nating nangangailangan ng dugo. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*